**Pamagat**: Si Cristo ay Namatay para sa Ating Mga Kasalanan

**Bible Text**: 1 Cor. 15:3 "For I delivered unto you first of all that which I also received, how that Christ died for our sins according to the scriptures;"

Pagsasalin: Sapagkat ibinigay ko sa inyo una sa lahat ang akin ding tinanggap: na si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan,

**Panimula**:

1. Ang sabi ng ebanghelyo ay si Cristo ay namatay! Siya ay namatay para sa ating mga kasalanan, at ito ay tumutugma o sumasangayon sa mga banal na kasulatan.
2. Ang "bad news" ay ako ay makasalanang tao, at may kabayaran ang kasalanan sa akin.
3. Ang "good news" si Cristo ay namatay para sa akin. Para sa aking mga kasalanan.
4. Lahat ng kabayaran ng aking mga kasalanan ay inilagay kay Cristo, noong siya ay namatay, at binuhos niya ang kanyang dugo sa krus, para sa akin.

## I. Si Jesus ay ang Aking Kapalit

A. Isaiah 53:5-6 - Ngunit siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsuway, siya'y binugbog dahil sa ating mga kasamaan; ipinataw sa kanya ang parusa para sa ating kapayapaan, at sa pamamagitan ng kanyang mga sugat ay gumaling tayo. (v.6) Tayong lahat ay gaya ng mga tupang naligaw; bawat isa sa atin ay lumihis sa kanyang sariling daan; at ipinasan sa kanya ng Panginoon ang lahat nating kasamaan.
B. Pansinin natin ang ating mga sala: Pagsuway, Kasamaan, at paglihis natin sa sarili nating daan.
C. Pansinin natin ang Kanyang sakripisyo: Nasugatan, Binugbog, mga Sugat.
D. Ang kamatayan ni Cristo ay itiniis Niya para sa iba (ito ay ginawa para sa iba). Siya ay naging isang substitute.
E. Hindi siya namatay para sarili, o dahil sa sarili niyang kasalanan (wala siyang kasalanan).
F. Para kanino ang kanyang kamatayan: Para sa lahat. Dalawang beses binggit ang "lahat."

## II. Ang Pagpapalit ng Pagbabayad-sala ay Turo ng Salita ng Dios

A. Romans 5:6 - Sapagkat noong tayo ay mahihina pa, sa tamang panahon si Cristo ay namatay para sa masasama. (Nang wala tayong kakayahang makaligtas sa kaparusahan).
B. 1 Peter 3:18 - Sapagkat si Cristo nga'y pinatay kahit wala siyang nagawang masama. At minsan lang siya namatay para mapatawad ang mga kasalanan natin. Siya na walang kasalanan ay pinatay alang-alang sa atin na mga makasalanan, para madala niya tayo sa Dios. Pinatay siya sa laman pero binuhay siya sa espiritu.

## III. Ang Kabayaran ng Panginoong Jesus ay Base sa Grasya ng Dios at Hindi Gawa ng Tao

A. Dito natin malinaw na makikita ang pagkakaiba ng Biblical na kaligtasan. (Ephesians 2:8)
B. Ang kaligtasan ay batay sa grasya ng Dios dahil sa kamatayan o gawa ng Panginoong Jesus. AT hindi sa mabubuting gawa ng mga makasalananang tao. Wala tayong parte sa kaligtasan natin – ang lahat ng gawa ay ginawa ni Jesus para sa atin. Ang sa atin lamang ay magsisi at sumampalataya sa ebanghelyo.
C. Ang kaligtasan ay maski grasya ng Dios o gawa ng tao – pero hindi pwede ang dalawa.
D. Romans 11:6 - Ngayon, kung ang pagkapili sa kanila ay dahil sa kanyang biyaya, hindi na ito nakasalalay sa kanilang mabubuting gawa. Sapagkat kung nakasalalay sa mabubuting gawa, hindi na ito biyaya.

**Katapusan**:

1. Ang tunay na kaligtasan ay nakakaintindi na wala akong iba pang inaasahan maliban kay Jesus para sa aking kaligtasan.
2. Alam niya na siya ay makasalanang tao (hindi maganda, hindi paminsan maganda) – siya ay makasalanang tao gaya ng sinasabi o turo ng Biblia.
3. Alam rin niya na si Jesus ay namatay para sa Kanya ayon sa banal na mga kasulatan. Siya ay nagsisi at sumampalataya kay Jesus lamang!